



RESPONSABLENG PAGLALARO SA PANAHOON NG COVID-19

PAGPAPANATILING MALUSOG AT LIGTAS NG ATING KOMUNIDAD.

Mahalaga ang kalusugan at kaligtasan ng mga tao. Mas mahalaga ito kaysa anumang laro o premyo.

Para mapanatiling ligtas ang mga tao mula sa COVID-19, isinara namin ang aming mga panrehiyong opisina sa Everett, Federal Way, Vancouver, at Yakima. Isinara din namin ang aming mga tindahan sa airport at mall, at ang pangunahing opisina ng Loterya sa Olympia. Pansamantala lang ito.

Makakapaglaro ka pa rin ng Loterya. Makakabili ka ng mga tiket sa mga tindahan at vending machine. Dapat ka lang bumili ng mga tiket kapag namimili ng ibang item.

Ligtas na makukuha ng mga nanalo ang kanilang mga premyo. Makukuha ng mga nanalo ang kanilang premyo na hindi hihigit sa \$600 sa mga tindahang nagbebenta ng mga tiket sa loterya. Para sa mga premyo mula \$601 hanggang \$100,000, puwedeng ipadala ng mga manlalaro ang kanilang mga nanalong tiket sa Loterya. Nasa ibaba at nasa aming website ang impormasyon kung paano ipadala ang mga tiket. Kailangan mong pirmahan ang lahat ng tiket bago ipadala ang mga ito. Kailangang tawagan ng mga nanalo na may mga tiket para sa \$100,000 o higit pa ang Headquarters ng Loterya para mag-iskedyul ng appointment para pumunta sa pangunahing opisina sa Olympia para makuha ang presyo.

Salamat sa paglalaro ng Washington's Lottery. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa COVID-19 sa Washington State, bisitahin ang website ng Kagawaran ng Kalusugan.

MGA MADALAS ITANONG NA-UPDATE 03.26.20

Bakit ninyo isinasara ang inyong mga opisina?

Isinara ng Washington's Lottery ang aming mga opisina para panatilihin ligtas ang publiko at ang aming mga manggagawa. Isinara namin ang mga tindahan sa airport at mall, lahat

ng panrehiyong opisina (Everett, Federal Way, Spokane, Vancouver at Yakima), at ang pangunahing opisina ng Loterya sa Olympia. Pansamantala lang ito.

Nangangahulugan ba ito na tuluyan nang isasara ang Washington's Lottery?

Hindi. Nagtatrabaho pa rin kami at nagbebenta ng mga tiket para sa lahat ng laro. Nagsasagawa ng mga pagbola tulad ng dati.

Isasara din ba ang lahat ng opisina?

Sarado ang lahat ng panrehiyong opisina at tindahan sa mall at airport. Bukas para lamang sa mga tawag at padala ang pangunahing opisina ng Loterya sa Olympia. Sarado ito sa publiko.

Ano ang mga makukuha kong serbisyo?

Walang ibibigay na serbisyo ang mga panrehiyong opisina habang sarado ang mga ito. Puwedeng gamitin ng mga manlalaro ang mobile app at website ng Loterya para tumingin ng mga tiket at maghanap ng mga tindahan na nagbebenta ng mga tiket sa loterya. Pinalitan ng ilang tindahan ang kanilang mga bukas na oras, kaya kailangang tingnan ng mga manlalaro ang mga oras ng tindahan. Dapat ka lang bumili o kumuha ng mga tiket kapag bumibili ng mga bagay tulad ng pagkain at gas. Nagtitinda at tumitingin pa rin ng mga tiket ang karamihan sa mga tindahan, at nagbabayad ng mga nanalong tiket na nagkakahalaga ng hindi hihigit sa \$600.

Nagsasagawa pa rin ba ng mga pagbila ang Loterya?

Oo. Makikita mo ang mga kasalukuyang jackpot, mga nanalong numero, at mga petsa ng pagbola sa aming mobile app o websie.

Nagkaroon ba ng anumang pagbabago sa mga laro o iskedyul ng pagbola?

Sa panahon ngayon, walang pagbabago.

Gaano kabilis makukuha ng mga nanalo ang kanilang mga premyo?

Binabayaran ng mga tindahan ng loterya ang mga nanalong tiket na may halagang hindi hihigit sa \$600. Binabayaran kaagad ng mga tindahan ang mga tiket na ito, tulad ng dati. Makukuha ng mga manlalaro ang mga nanalong tiket mula \$601 hanggang \$100,000 sa pamamagitan ng padala. Kailangang tawagan ng mga nanalo na may mga tiket para sa \$100,000 o higit pa ang pangunahing opisina ng Loterya sa Olympia para mag-iskedyul ng appointment para personal itong makuha. May 180 araw ang mga nanalo para kunin ang premyo. Maaaring pirmahan ng mga nanalo ang likuran ng tiket at itago ang tiket sa isang ligtas na lugar hanggang magbukas ang aming Panrehiyong Opisina.

Ano ang mangyayari kung nanalo ang isang manlalaro ng premyong hindi kayang bayaran ng tindahan?

Pinoproseso ng pangunahing opisina ng Loterya sa Olympia ang mga ipiandalang nanalong tiket. Kailangang pirmahan ng mga nanalo ang likuran ng tiket at sundin ang mga panuto sa likuran. May 180 araw ang mga nanalo para kunin ang premyo. Maaaring pirmahan ng mga nanalo ang likuran at itago ang tiket sa isang ligtas na lugar hanggang magbukas ang aming Panrehiyong Opisina. Kung may nanalong tiket ang isang manlalaro para sa \$100,000 o higit pa, puwede nilang tawagan ang pangunahing opisina ng Loterya sa Olympia para mag-iskedyul ng appointment para personal itong makuha.

Ano ang mga panuto sa pagpapadala ng isang nanalong tiket?

Kailangang sundin ang mga nanalo ang mga panuto sa likuran ng tiket. Maaaring ipadala ang tiket sa: Washington Lottery Headquarters, P.O. Box 43050, Olympia, WA 98504-3050. Kailangang matanggap ng Loterya ang tiket bago matapos ang takdang panahon na 180 araw. Hindi sapat na ipadala ang tiket sa takdang araw.

Kailangan ko bang ipadala ang aking tiket sa pamamagitan ng sertipikadong sulat?

Puwede mong iadala ang isang tiket sa pamamagitan ng sertipikadong sulat ngunit hindi ito kinakaiangan, kailangang pirmahan ng mga Nanalo ang kanilang tiket at punan ang ikod bago ipadala.

Kailangan ko bang kunan ng larawan ang aking nanalong tiket bago ko ito ipadala?

Puwede kang kumuha ng larawan ng iyong nanalong tiket kung gusto mo. Kailangang mayroon kang totoong tiket para manalo ng premyo.

Kapag ipinadala ko ang aking nanalong tiket, ipapadala ba kaagad sa akin ang aking napanalunan? O kailangan ko pa bang hintayin na magbukas kayo?

Pinoproseso namin ang mga nanalong tiket sa pamamagitan ng pagpapadala. Hindi iyon nagbago.

Mayroon bang takdang araw para kunin ang nanalong tiket?

Oo. Kailangang matanggap ng Loterya ang mga nanalong tiket sa loob ng 180 araw pagkatapos ng petsa ng pagbola (para sa mga larong binobola) o pagsasara ng laro (para sa mga *Scratch* na tiket).

What if I have a winning ticket that isn't 180 days old, but will be 180 days or more by the time you open the mail?

Kailangang matanggap ng Loterya ang nanalong tiket bago matapos ang takdang araw. Maraming manlalaro ang gumagamit ng mga serbisyo sa pangmagdamagan o parehong-araw na pagpapadala kung malapit na ang takdang araw.

Pahahabain ba ninyo ang 180-araw na takdang panahon?

Mangangailangan ng mga pang-emergency na tuntunin ang ganitong pagbabago. Dahil binabayaran namin ang mga nanalong tiket sa pamamagitan ng pagpapadala, hindi namin pinahaba ang 180-araw na pagpapahaba. Maaaring baguhin namin ang desisyong ito sa ibang pagkakataon.

Paano ninyo nililinis ang mga Vending Machine ng Loterya?

Kailangang linisin ng mga tindahan ang mga Vending Machine ng Loterya Nililinis din ng mg empleyado ang mga vending machine kapag pinapalitan nila ang mga tiket.

Patuloy bang gagana at regular na maa-update ang mobile app ng WA Loterya?

Oo, gumagana pa rin ang app.

Makaka-ipon pa rin ba ako ng mga Puntos sa mga Premyo sa app?

Oo, makakaipon at makakakuha ka pa rin ng mga Puntos sa mga Premyo.

Makikita ko pa rin ba ang mga nanalong tiket sa app?

Oo, makikita mo pa rin ang mga tiket gamit ang mobile app ng WA Loterya.